Miracles
LET HIM BE KNOWN

# Pagpapagaling sa Anak ng Opisyal

WEEK 2

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang humingi ng malaking pabor sa isang tao, na pinagbigyan? Ano ang naramdaman mo?
- May tao bang pinaniniwalaan mo anuman ang sabihin niya? Sino ang taong iyon? Paano ito nangyari?
- Magbahagi tungkol sa pinakamalalang sakit na naranasan mo o ng isang miyembro ng pamilya mo.

## WORD

*53 Naalala ng opisyal na nang oras ding iyon ay sinabi sa kanya ni Jesus na magaling na ang anak niya. Kaya siya at ang buong pamilya niya ay sumampalataya kay Jesus.*
*54 Ito ang ikalawang himala na ginawa ni Jesus sa Galilea pagkagaling niya sa Judea.* **JUAN 4:53–54**

(Basahin din ang **JUAN 4:46–52.**)

Pagkatapos ng unang himala ni Jesus sa kasalan sa Cana, kumalat ang balita na nakakagawa Siya ng mga himala. Nang bumalik si Jesus sa Cana, malamang ay pinanood Siya ng mga tao at tiningnan nila kung kaya ba Niya talagang gumawa ng himala. Ngunit ibinigay lamang ni Jesus ang palatandaan sa unang taong naniwalang mangyayari ito, at kumilos Siya ayon sa paniniwalang ito. Paano ito nangyari? Tingnan natin kung paano nagkaroon ng mahimalang pagpapagaling dahil sa pananampalataya ng taong ito.

## 1 Nakiusap ang opisyal na pagalingin ni Jesus ang kanyang anak.

*[47]Nang mabalitaan niyang bumalik si Jesus sa Galilea mula sa Judea, pinuntahan niya ito. Nakiusap siya kay Jesus na pumunta sa Capernaum at pagalingin ang anak niyang nag-aagaw-buhay. . . . [49]Sumagot ang opisyal, "Sumama na po kayo sa akin bago mamatay ang anak ko."* **JUAN 4:47, 49**

Hindi binanggit sa kwento kung ang opisyal lamang ang nag-iisang nakiusap kay Jesus para sa anumang kahilingan. Ang alam natin ay noong mga panahong ito, ang balita tungkol sa paghihimala ni Jesus ay usap-usapan lamang. Kaunti pa lamang ang nakakita sa mga ito. Sa kanyang kagipitan, nagbakasakali ang opisyal at nakiusap kay Jesus para sa isang himala. Kinausap ni Jesus ang mga nanonood, hinamon Niya ang kagustuhan nilang maniwala lamang **pagkatapos** makakita ng mga palatandaan at kamangha-manghang bagay, sa halip na kumilos ayon sa kanilang pananampalataya. Paano naiiba ang paglalarawan ni Jesus sa mga manonood kung ihahambing sa mga ikinilos ng opisyal?

## 2 Pinanghawakan ng opisyal ang salita ni Jesus.

*[50]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Pwede ka nang umuwi. Magaling na ang anak mo." Naniwala ang opisyal sa sinabi ni Jesus at umuwi siya. [51]Habang nasa daan pa lang ay sinalubong na siya ng mga alipin niya at sinabi sa kanya na magaling na ang anak niya.* **JUAN 4:50–51**

Wala sa mga nanonood ang nakakita ng palatandaan o himalang ginawa ni Jesus. Ang nakakita lamang nito ay ang taong kumilos ayon sa kanyang paniniwala at humingi ng himala. Nang marinig ng opisyal ang mga salita ni Jesus, naniwala siyang naganap na ang pagpapagaling at umuwi na siya. Dahil kumilos siya ayon sa kanyang paniniwala, personal na naihayag sa kanya ang kaluwalhatian ng Diyos. Ano, para

sa atin, ang ibig sabihin ng panghawakan ang salita ni Jesus o ng Diyos?

## 3 Sumampalataya kay Jesus ang buong pamilya ng opisyal.

*[52]Kaya tinanong niya kung anong oras ito gumaling. Sumagot sila, "Kahapon po ng mga ala-una ng hapon ay nawala na ang lagnat niya." [53]Naalala ng opisyal na nang oras ding iyon ay sinabi sa kanya ni Jesus na magaling na ang anak niya. Kaya siya at ang buong pamilya niya ay sumampalataya kay Jesus.* **JUAN 4:52–53**

Dahil sa himala, naihayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa isang sambahayan, at lahat ng miyembro ng sambahayang ito ay sumampalataya sa Kanya. Personal ang himala sa opisyal na nakatanggap nito, at tinugunan nito ang isang gipit sa oras at personal na pangangailangan. Sa huli, ang pinakamahalaga ay naihayag ang kaluwalhatian ng Diyos at nanampalataya ang mga tao kay Jesus dahil dito. Paano pinagtibay ng Diyos ang pananampalataya mo sa gitna ng mga mapanghamong sitwasyon?

Ipinakita ng pangalawang himalang ginawa ni Jesus ang awtoridad Niya sa buhay at kamatayan. May posibilidad na ang opisyal ay isang kapitang Romano, isang taong hindi Judio at hindi inaabangan ang pagdating ng Tagapagligtas dahil sa mga propesiya. Sa Kanyang pangalawang himala, inihayag ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan at biyaya hindi lamang sa mga Judio.

## APPLICATION

- Narinig mo lang ba kung paano gumawa ng himala si Jesus sa iyong buhay? Nais mo bang mas makilala Siya ngayon?
- Kapag nararamdaman mong kinakausap ka ng Diyos, paano ka karaniwang tumutugon? Para sa iyo, paano makikita ang pagtugon nang may pananampalataya?
- Lahat ba sa iyong sambahayan ay nakaranas na ng biyaya at kaluwalhatian ni Cristo? Paano mo ito ibabahagi sa ibang miyembro ng iyong pamilya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus para sa personal at mapagmahal Niyang paraan ng paghihimala para tugunan ang mga pangangailangan ng Kanyang mamamayan.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob na panghawakan ang salita ni Jesus at ng kalakasang sumunod nang may pananampalataya.
- Humingi kay Jesus ng mga pagkakataon upang maibahagi sa iyong pamilya ang tungkol sa biyaya at kaluwalhatian ng Diyos ngayong linggo. Ipanalangin na masabi mo ang mga tamang salita tuwing magbabahagi ka tungkol sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph